CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Hulyo 2, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Lungsod ng Long Beach Makakatanggap ng $40.28 Milyong Pagpopondo sa CARES Act

Long Beach, CA - Kasunod ng pagpasa ng badyet ng Estado ng California noong Hunyo 30, 2020, ang Lungsod ng Long Beach ay makakatanggap ng $40,280,494 sa pagpopondo sa Coronavirus Aid, Relief at Economic Security Act (CARES Act) upang suportahan ang mga pagsisikap na tugon sa pandemya.

“Ang aming prayoridad dati at ngayon ay ang pagpapatuloy ng pagprotekta ng kalusugan ng publiko at pagbibigay suporta sa aming mga residente,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Ang pagpopondo na ito ay magpapahintulot sa amin na magpatuloy na gawin ito, at nagpapasalamat kami kay Gobernador Newsom para sa kaniyang suporta.”

Bumagsak lamang sa ilalim ng threshold ng populasyon upang makatanggap ng direktang paglalaan ng pederal na CARES Act, ang Long Beach ay makakatanggap ng pondo ng Estado sa badyet ng FY 21, na nagbibigay ng $450 milyon sa mga kwalipikadong lungsod ng California na hindi nakatanggap ng pondo mula sa pederal na gobyerno.

Ang pondo ng CARES Act ay limitado sa ilang mga gamit ng pederal na gobyerno at, base sa kasalukuyang patnubay, maaaring ligal na pondohan ang mga gastos sa Lungsod bilang tugon sa pandemya, kasama ang pagpopondo ng mga suporta sa pagsisikap ng pampublikong kalusugan, suporta para sa komunidad at mga residente, at suporta sa negosyo at katatagan ng ekonomiya.

CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

Magdadala ang mga kawani ng lungsod ng isang inirekumendang plano sa Konseho ng Lungsod sa Hulyo 14, 2020, na magbabalangkas ng mga potensyal na paggamit ng mga pondo upang matulungan ang tugon sa pandemya. Ang mga pangunahing kategorya ay kinabibilangan ng:

- Ang pagsasauli ng bayad ng mga gastos ng pampublikong kalusugan at Lungsod tulad ng paglalagay ng mga kawani, pagsusuri, contact tracing at alinman sa mga pagsisikap sa emerhensiyang tugon ng Lungsod.
- Mga gastos sa hinaharap na tugon sa pandemya, hanggang Disyembre 2020, ang huling araw ng paggastos ng pera ng CARES Act.
- Direktang pagpopondo upang suportahan ang mga mahihinang populasyon.
- Mga programa na sumusuporta sa mga residente na apektado ng COVID-19.
- Mga programa na sumusuporta sa mga negosyo at mga non-profit na apektado ng COVID-19.

Ang karagdagang detalye sa mga rekomendasyon ng mga kawani sa mga programa at gastos na karapat-dapat sa pagpopondo ay malalaman sa Lunes, Hulyo 6, 2020. Susuriin ng Konseho ng Lungsod ang mga rekomendasyon para sa mga programa ang gastos na karapat-dapat sa pagpopondo sa Hulyo 14, 2020.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang aming mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###